BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
VOLUME 1 NO. 39 10.00 JUNE 26 - JULY 2, 2023

# Pimentel lauds PAPI; cites new law for publishing and print media P2

SENATE Minority Leader, Aquilino "Koko" Pimentel lll lauded the achievements of the Publishers Association of the Philippines, Inc. (PAPI) and cited a recently-passed law which recognizes 'publishing and printing media' as one of the domains in the Creative Industries Development Act.

The senator was one of the special guests at PAPI's 2023 Midyear Executive Session held at the Makati Sports Club on June 24. The occasion coincided with the association chairman emeritus, Johnny Dayang's birthday.

"Freedom of the press is a fundamental right here in our beloved country. We can never allow for print to be dead," the senator told PAPI members

# Maraming salamat po, UAE Pres, PBBM

## ... 3 kondenadong Pinoy, pinatawad

NAGPAHAYAG ng malaking pasasalamat ang mga senador sa iginawad na pardon sa tatlong kondenadong overseas Filipino workers (OFWs) sa United Arab Emirates (UAE) sa ginanap na paggunita ng Eid al-Adha.

Sa bisa ng Senate Resolution 665 na iniharap ni Sen. Robinhood Padilla, inihayag ng Senado ang mataimtim na pasasalamat kay UAE President Sheikh Mohamed bin Zayed Al Nahyan sa paggawad ng pardon sa tatlong kondenadong OFWs.

Sa resolusyon, kinilala rin ang malaking tulong ni President Ferdinand 'Bongbong" Marcos Jr. kaya naigawad ang pagpapatawad sa tatlong kababayang nakapiit sa UAE.

Sa resolusyon, binanggit ang pagsisikap ni PBBM na palakasin ang relasyong diplomatiko ng Filipinas at ng UAE at pagtiyak sa mabuting kalagayan ng may 600 libong Filipinong manggagawa sa naturang bansa.

"Maraming-maraming salamat po sa pardon na iginawad sa tatlo nating kababayang Filipino at ito ay magandang balita sa atin, lalo na at ginugunita ang Eid al-Adha naming mga Muslim," sabi ni Sen. Padilla.

Nitong Abril 27, masugid na umapela si Pres. Marcos sa dalawang ipinadalang sulat sa pangulo ng UAE na patawarin ang mga kondenadong Filipino sa naturang bansa.

Pinatawad ang tatlong OFWs ni Pres. Sheikh Mohamed bin Zayed nitong Hunyo 23, "for humanitarian reasons."

Ayon kay Senate Minority Leader Koko Pimentel 3rd, kapuri-puri ang iginawad na pagpapatawad ng pangulo ng UAE na nangyari dahil sa pagsisikap at pakiusap ni PBBM.

Dalawa sa kondenado ay nahaharap sa kasong bitay, ayon kay Pimentel.


President Marcos Jr.


Sen. Robin Padilla

Patunay sa matibay na relasyon ng UAE at Filipinas ang pagpapatawad sa tatlong kondenado, sabi ni Pimentel.

Sabi pa ni Pimentel: "President Marcos has shown his resolve and unwavering dedication to help our kababayans and ensure a just resolution for the convicted Filipinos abroad."

Ibinalita ang pardon sa tatlo ni UAE Ambassador to the Philippines Mohamed Obaid Salem Alqataam Alzaabi. /**HENRY E. CAOILE**

# Alam ba n'yo?

AS of Friday, June 23, 2023, our country's current population is 113,907,358 based on Worldometer elaboration of the latest United Nations data.

Sa oras na binabasa nyo ang BantayBalita, tiyak mas dumami pa tayo.

The Philippines 2020 population is estimated at 109,581,078 people at mid year according to UN data.

According to UN data, the Philippines population is equivalent to 1.41% of the total world population and the country ranks number 13 in the list of countries (and dependencies) by population.

Our country has a total land area of 298,170 Km2 (115, 124 square miles).

Mayroon population density sa bansa ay 368 per Km2 (952 people per mi2).

Ayon pa sa data: 47.5 % of the population is urban (52,008,603 people in 2020)

The median age in the Philippines is 25.7 years.

# Why only me? Gadon says De Lima, Diokno escape SC disbarment


*Former Sen. Leila de Lima, Sec. Larry Gadon and Atty. Chel Diokno*

NEW Presidential Adviser for Poverty Alleviation Larry Gadon on Wednesday has questioned the Supreme Court's disbarment ruling against him, asking why other lawyers who committed heavier infractions than him had not faced disciplinary action.

The Supreme Court (SC) announced its decision to disbar Gadon over a viral video showing him uttering profane remarks against a journalist.

The presidential adviser lamented that neither Free Legal Assistance Group (FLAG) chairman Jose Manuel "Chel" Diokno and former senator Leila De Lima ever got disbarred by the SC.

He cited that Diokno "made a mockery of the Supreme Court proceedings when he filed a petition on behalf of the fishermen who denied having authorized him."

"Diokno falsified the authorization, yet he was not disbarred nor suspended," he said.

Gadon reminded, when she was still justice secretary, De Lima "defied the SC order allowing PGMA (former President Gloria Macapagal-Arroyo to travel abroad for medical reasons."

"De Lima admitted illicit, immoral, illegal cohabitation with her driver, yet the SC did not disbar nor suspend her," he added.

Prior to the SC's announcement of his disbarment, Gadon said he received information about the tribunal's decision.

"The position and the task given to me by the President do not require lawyering hence my

*See page 2*

# Panahon Na Para Magsaya: Pinoy Festival sa Burnaby P3


*In photo, right, BantayBalita editorial consultant Eli Taparan II, Burnaby City Councillor Ms. Maita Santiago and Sinaitenians Chairman Emeritus Doc. Roemer I. Cablayan.*

*See full story inside, page 3.*

# Let's cozy up at Kubo Amadeo

*See page 8*

# 70 estudyante sa kolehiyo, iskolar ng MPTC METRO PACIFIC TOLLWAYS

NGAYONG taon, 14 na pamantasan ang nakipagkasundo na tatanggap ng iskolar ng Metro Pacific Tollways Corporation (MPTC),

Ito ay Bulacan State University (BulSU), Cavite State University System, Mindanao State University, University of the Philippines – Diliman, Far Eastern University, Miriam College;

Pamantasan ng Lungsod ng Maynila, Don Honorio Ventura State University, Polytechnic University of the Philippines – Parañaque, Technological University of the Philippines – Cavite, Emilio Aguinaldo College – Cavite, Lyceum of the Philippines University – Cavite, Southern Philippines Institute of Science and Technology, at Cordova Public College.

Mula sa pamilyang mahihirap ang 70 college students na tumanggap na iskolarsip mula sa MPTC para sa taong 2023-2024 at katuwang dito ang kapatid na kompanyangNLEX Corporation, MPT South, and Cebu-Cordova Link Expressway Corporation.

Ang programang ito ng MPTC ay sinimulan noong 2012 na nagbigay ng libreng tuition, buwanang alawans, libreng upa sa tirahan, intrnship, board review and examination.

Sa mga maghtatapos, may nakaabang nang trabaho sa kanila mula sa MPTC at mga kapatid na kompanya nito.

Ayon kay MPTC chief Human Resources Officer Lea Wong, nagpapatuloy ang komitment ng kompanya na tumulong sa mga kabataan na maging mahusay na propesyonal sa larangan ng Accounting, Engineering, at Education.

Patunay sa matatag na makapagbigay ng tunay na serbisyo sa bayan ang programa ng MPTC sa layuning maiangat ang katayuan sa buhay ng mga mag-aaral mula sa kahirapan, sabi ni NLEX Corporation President Luigi L. Bautista. / **LUKAS DA SILVA**

# A day of free medical care for the Gentriseños

THE PROVINCIAL Government of Cavite (PGC) , in coordination with former City Councilor Walter Martinez, brought hope and relief to the residents of Barangay San Francisco, City of General Trias through the medical mission program conducted on June 22, 2023.

Medical staff from the Office of the Provincial Health Officer together with the General Trias City Health Office team rendered free consultations, check-ups, and other basic medical services to a total of 326 locals who sought assistance for their health concerns.

Meanwhile, the Office of the Provincial Governor-Extension provided free medicines and vitamin supplements to the needy barangay residents. Mosquito-repellant lotion was also distributed as part of the fight against dengue and other mosquito-borne diseases.

Antigen swab testing was performed to those individuals who presented symptoms, making sure of everyone's safety in the venue proper./ **OPIO**






# Pimentel lauds PAPI...



***Senate Minority leader Koko Pimentel III is flanked at left by PAPI Chairman Emeritus Sir Johnny Dayang and PAPI National President Nelson Santos. Pimentel was guest of honor and speaker at the recently held PAPI MidYear Executive Session held June 24 at the Makati Sports Center, Makati City.***

***from page 1***

headed by its national president, Nelson Santos.

The Senate recently passed the Creative Industries Development Act which Pimentel himself, authored and championed in the upper House of Congress. "Under this law, RA No. 11904, we are recognizing nine creative domains and it may interest you to know that the 'publishing and printed media domain' is a recognized creative domain. Newspaper articles are journalistic literature," the senator said.

Further, Pimentel cited Section 4 of the 1987 Constitution that says "No law shall be passed abridging the freedom of speech, of expression, or of the press, or the right of the people peaceably to assemble and petition the government for redress of grievances."

He recalled the late Fr. Joaquin G. Bernas, a Jesuit priest, lawyer, college professor and writer who was Dean Emeritus of the Ateneo de Manila Law School, was a member of the 1986 Constitutional Commission which drafted the 1987 Philippine Constitution, amended a section that says "The right of the people to enjoy freedom of speech and press and to peaceably assemble and petition the government for redress of grievances shall not be abridged."

Pimentel explained that Fr. Bernas pointed out, that by specifying 'people,' it would limit the scope of the protection to natural persons, thus leaving corporate entities, like publishing companies, unprotected.

"I will help you and do whatever I can to contribute to the protection and promotion of the newspaper publishing industry and to news reporting as a whole," Pimentel said.

"As the minority leader in the Senate, I am the designated 'critic' of the majority in the Senate. I need you, for me to be able to perform, competently and credibly, this constitutional duty as Senate Minority Leader," the senator told the publishers, editors, and reporters of national, regional, and provincial newspapers, present at the occasion.

Other event guests among others, were Judge Judge Flordeliz Cabanlit Fargas of RTC Trece,

In the same occasion, Dayang also launched his book while PAPI members from 1970-1980, Outstanding Court Sheriff 2023 Ms. Joannah Avigail Timkang of RTC Trece Martires and former president and House deputy speaker, Gloria Macapagal Arroyo were honored.

Santos thanked all those who attended the momentous event. **/Nelson Santos)**

# Why only...

***from page 1***

suspension and disbarment have no effect on my appointment," Gadon said.

"I will just approach this issue on a personal concern, file a motion for reconsideration and proceed in facing the challenges of the job and aim to serve the public in my best capability," he added. /**POLITIKO NEWS**

# Panahon Na Para Magsaya: Pinoy Festival sa Burnaby



## Here n There

ni ELI TAPARAN ii

ANG suwerte ko naman, it's because I was so lucky to join the celebration of the First Filipino Heritage Month last Saturday, June 24 -- yes, I was there and met with some Pinays and Pinoys with their Canadian spouses and children.

About 30 Filipino organizations and interest groups were there -- including our group, Sinaetenians of British Columbia --, this joyful celebration which exhibited the rich heritage of Filipino culture with an event tagline: "Panahon na Para Magsaya" (It's Time To Have Fun).

Ang estimate ko, the whole day affair was attended by more 15 thousand Pinoys and joined in by many curious Canadians, hahahaha. Masaya talaga, kasi, the not-Pinoy-onlookers, even the personnel of the Royal Canadian Mounted Police (RCMP) joined the come-together call and enjoyed the festivities.

Early morning at the Burnaby's Civic Square by Metrotown, I met City Councillor Maita Santiago -- ang ating kinatawan sa Burnaby City Government, who, I was told, has initiated the Pinoy Festival.

Ang maganda, the Filipino Heritage Month will be an annual affair on June 24, according to Councillor Santiago who has made history, being the first Filipino elected into office during the October 15, 2022 Burnaby City elections.

The community and street dance parade started at 10 a.m., followed by a day filled singing of popular Pinoy songs, traditional folk dance Tinikling and the Canao (Kanyaw) native dance of the Igorot tribe in the Cordilleras in Northern Philippines, Maskara dance, Santa Cruzan, showcasing gowns created by local and international Filipino designers.

At ang mahalaga, ipinagdiwang rin sa okasyong ito ang pagdiriwang ng 125th anniversary of Philippine Independence on June 12.

Sabi nga ni Councillor Santiago, ang event na ito ay pagkilala at pasasalamat na maraming mahahalagang kontribusyon ng mga kababayang Pinoy sa mabilis na paglago ng ekonomya ng siyudad, paglakip ng tradisyon at kultura ng Pinoy community sa multi-sektorial at kultural na katangian ng Canada.

Mabuhay ang Filipinas, mabuhay ang mamayang Filipino-Canadian at emigranteng Pinoy.

Namnamin ang ganda ng pestival sa mga larawang naririto sa aming pahina. (taparaneliseo@gmail.com)




*Filipino-Canadians from Sinait town in Ilocos Sur proudly show their banner, Sinaitenians of British Columbia with its officers, led by Darwin Ines, president (fourth from right) and at far left, Doc Roemer I. Cablayan, chairman emeritus.*






*Left, this columnist, with Doc. Roemer Cablayan and Ms. Rhea Santos, who served as emcee during the festivities. Santos, a former GMA 7 anchor, is now with OMNI TV station in Canada and a student of British Columbia Institute of Technology (BCIT) in Burnaby City.*

# My fave action hero: Sen. Bong Revilla



AMA sa langit, ang pinakamakapangyarihan sa lahat, maraming-maraming salamat po. Bagong pag-asa, bagong biyaya ang natatanggapo ko po sa inyo, Father God Almighty, sa tuwing ginigising Mo po ako at may lakas pang ipagpatuloy ang hiram na buhay sa akin.

Kayo po, AMA, ang aking lakas, ang aking pag-asa, at sa tulong po, pagmamahal at kalingan ng INYO pong bugtong na anak, dahil po kay Lord JESUS CHRIST, lagi po akong magtitiwala at ititiwala ang bawat araw ko.


Nabubuhay po ako ngayon bawat araw na laging nananalangin sa ating AMA, at sa ating Panginoong JESUCRISTO na ang biyayang buhay at lakas ng isip at katawan ay maipagkaloob, hindi lamang para sa aking sarili, kungdi sa maliit at kapos na kakayahan ng isang senior na tulad ko ay makapaglingkot pa rin sa kapwa sa pamamagitan ng aking munting kakayahan sa pamamamahayag.

Amen.

@@@

Iginagalang ko po ang opinyon ng magaling na dating UP professor and political scientist, madam Clarita Carlos tungkol sa di-pagtanggap sa sinasabing Afghan refugees, pero sa nabasa ko po, kung tama ang aking pagkaunawa sa sinasabi sa Biblia, ipinapayo na maging maayos tayo sa pakikitungo sa mga estranghero.

At ang lahat ng nangyayari ngayon sa mundo, lalo na ngaytong "last days," ay sa kagustuhan ng ating AMA, na ito ay paghalo-haluin ang Kanyang mga nilikha, at magiging katuparan sa mga propesiya na tunay ngang malapit na ang judgment -- ang paghatol sa mga huling araw.



## Sa Ganang Akin

by Adela R. ZAMORA

@@@

One of my most favorite senator is Sir Ramon 'Bong" Revilla Jr. na tama ang sabi niya na sa ngayon, itigil na ang mga intriga na kudeta raw sa Senado. Tama siya na mag-focus sa maraming trabaho at tulungan ang gobyerno na maayos at masolusyonan ang maraming problema ng Filipinas.

Sundan sa pahina 6

BANTAY BALITA NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!
Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services
Block 2. Lot 27, Camella Barcelona Phase 1, Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite
E-mail: domzcaoile@yahoo.com / taparaneliseo@gmail.com / lukasdasilva990@gmail.com
Phone: 09274890759 / 09289406369

Founder: HENRY E. CAOILE
Publisher: DOMZ B. CAOILE
Editorial Consultant: ELI TAPARAN II
Special Projects Director: ADELA R. ZAMORA
Copy Editor: LUKAS DA SILVA
Chief of Reporters: GENE TAPARAN TAN
Contributing Writers: LOD BELTRAN
NOLI LIWANAG
ED 'MUTO' G. CUENCA
JOJO SICAT
Contributing Editor: RUEL FRANCISCO

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsiyong komersiyal at legal; gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa kawanggawa.

Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalaswa, mapanglait at mapanirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahihiyan ng sinomang tao.

Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbibigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anomang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

member papi PUBLISHERS ASSOCIATION OF THE PHILIPPINES INC.

*NOTE: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management of this Publication.*

 BANTAY BALITA 

# PAPI MidYear Executive Session, matagumpay na naidaos

MATAGUMPAY na naidaos ang Midyear 2023 Executive Session ng Publushers Association of the Philippines,Inc. (PAPI) na dinaluhan ng mahigit sa 80 aktibong miyembro nito sa buong bansa na tampok na paksang tinalakay ay pinamagatang "The positives values and risks Social Media Offers."

Sa pangunguna ni PAPI President Nelson Santos, dumalo sa pagtitipon ang mga kilalang personalidad sa media, politika at sa unang pagkakataon, ipineresenta ang unang awardee sa 'Search for Outstanding RTC Sheriff' na inilunsad ng samahan.

Isinabay rin sa okasyon ang paglulunsad ng aklat na sinulat ni Sir Johnny Dayang, chairman emeritus ng PAPI na ipinagdiwang ang ika-___kaarawan ng tagapagtatag at unang pangulo nito.

Sinimulan ang midyear executive session, alas 11 ng umaga ng Sabado, Hunyo 24, sa bulwagan ng Makati Sports Club, Salcedo Village, Makati City sa mataimtim na panalangin at ng pambansang awit, invocation, audio visual presentation at paghahayag ng magiging tema at talakayan ni Ms. Angelina S. Lim, PAPI vice president for Mindanao,

Kasunod nito, isa-isang ipinakilala ni Ms. Rebecca M. Velasquez, PAPI executive VP ang mga panauhin at ang pagbati at pagtanggap ni Makati 1st District Rep. Romulo 'Kid' Pena Jr. sa mga dumalo at ang madamdaming mensahe ni PAPI chairman emeritus, Sir Dayang,

Unang pinakilala ni PAPI national president Mr. Nelson Santos ang inimbitahang panauhing pandangal, si Presidential Task Force on Media Security (PTFoMS) executive director, Undersecretary Paul Gutierrez.

Sinabi ni USec. Gutierrez na ang pagpapanatili ni Pres. Bongbong Marcos sa PTFoMS ay patunay na prioridad ng administrasyon ang pangangalaga sa kalayaan sa pamamahayag at pagpapahayag at ang pagmamalasakit sa buhay at kapakanan ng mga nasa media.

Sa talakayan, binanggit ni Gutierrez ang mga programa ng taskforce, tulad ng agad na pagtugon at tulong legal ng Public Attorney's Office (POA) sa mga kaso laban sa mamamahayag, at ang mabilis na aksyon laban sa mga kaso ng pagpatay sa media personalities, katuwang ang PNP, DOJ at iba pang ahensiya ng gobyerno.

Sumunod ay tinalakay ni Sagip Partylist Rodante D. Marcoleta ang mahahalagang batas na naipasa ng Kamara para sa kabutihan ng mamamayang Filipino.

Matapos ang pananghalian at kumustahan ng mga panauhin at mga dumalong kasapi ng PAPI, tinalakay ni Dr. Richard Nixon Gomez ang mabuting idudulot sa mga nagdaranas ng maraming sakit ang legal na paggamit bilang gamot sa medical cannabis.

Sabi ni Dr. Gomez, marami nang bansa ang ginawang legal ang medical cannabis na mabisang gamot laban sa depression, epilepsy, insomnia, hika, high blood pressure, anorexia nervosa at iba pang karamdaman.

Nanawagan siya sa Kongreso na isabatas nang legal ang medical cannabis at ang kabutihang maidudulot nito sa ekonomya ng bansa.

Tinalakay naman ni Mr. Jaime C. Vistar , president/CEO ng UniGrow organic farm ang mga programang magpapasigla at magpapakas sa industriya ng agrikultura sa bansa.

Bago matapos maghapong sesyon, inisa-isa ni Dr. Paulus Canete, PAPI VPO for Visayas ang mahahalagang isyung tinalakay at pinagtibay ng kapulugan sa pamumuno ni Presidente Santos.

Matapos ang ilang oras na recess, matapos ang panggabing misa at pasasalamat, sumigla ang okasyon sa pagdiriwang ng kaarawan ni Chairman Emeritus Dayang at ang paglulunsad ng kanyang aklat tungkol sa buhay niya bilang pangunahing mamamahayag ng bansa.

Nagkaroon din ng sayawan at pagpapakitang sayaw ng Ritmo Dance Troupe at kasunod ang awarding ceremonies na tinampukan ng mensahe ni Hon. Flordeliz Cabanlit Fargas, executive judge ng Regional Trial Court (RTC) sa Trece Martires City, Cavite at ang espesyal na mensahe ni Hon. Raul Villanueba, Supreme Court Administrator.

Nagbigay rin ng mahalagang mensahe si Senator Koko Pimentel III, minority leader ng Senado tungkol sa mahahalagang gawain ng lehislatura .

Binigyang pagkilala sa pagkakaloob ng award at sertipîko si Sheriff Joannah Avigail C. Timkang ng RTC Branch No. 5 at sa pagtanggap ng karangalang Most Outstanding RTC Sheriff, pinasamalatan niya si Exec. Judge Cabanlit Fargas sa suporta at paggabay sa kanyang maayos na pagtupad ng tungkulin sa hukuman.

Kinilala ni Timkang ang malaking tulong ng iba pang kasama sa RTC at ang pasasalamat sa PAPI sa karangalang ipinagkaloob sa kanya.

Nagbigay rin ng mga pagkilala sa mga kasaping patuloy sa matapat na pagtataguyod ng mga adhikain at programa ng PAPI -- na siyang pinakamalaking organisasyon ng mga publisista sa buong bansa.

Tinapos ang sesyon sa fellowship social at pagsasalu-salo sa isang masarap na hapunan.



PAPI's most outstanding Sheriff awardee Ms. Joannah Timkang, 3rd from right, with national President Nelson Santos, and Ms. Nezzwl Mutas. Also in photo, Ms. Rebecca Velasquez, 3rd from left, PAPI executive vice president, Trece Martires City Regional Trial Court Executive Judge Flordeliz Cabanlit Fargas.



2023 Most Outstanding Regional Trial Court (RTC) Sheriff, Ms. Joannah Avigail C. Timkang



Happy moments CPPLI Cavite chapter from right to left, Domz caoile, Publisher bantaybalita,Ms. Rebecca Velasquez,publisher Pmc & Executive Vice Pres. PAPI, Joey Molina, publisher Smart journal, Mr. Richard Nixon Gomez, president BAUERTEK Corp. Ms. Nezel Mutas, Publisher Aksyon Balita, Ms. Malyn ildefonso, Co publisher Cavite times Journal,r. Romeo Santos, Publisher hanep Publication





PAPI NATIONAL PRESIDENT MR. NELSON SANTOS BLUE POLO BARONG WITH presidential task force on media security Hon. PAUL M. GUTIERREZ wearing gray coat taken during QUESTION & ANSWER PORTION


Photo taken during PAPI Delegates visit at Unigrow farm at Nueva Ecija lead by National President Mr. Nelson S. Santos (second from left wearing red t-shirt)






## WHY IS THE PHILIPPINES 'RELUCTANT' IN 'LEGALIZING' USE OF MEDICAL CANNABIS?

A known doctor, scientist, researcher, broadcaster lamented that legalizing the use of medicinal cannabis or marijuana still experiences a rough sailing in Congress even if 70 nations are already prescribing this.

Dr. Richard Nixon Gomez, the president of Bauertek Corporation, a research, development and manufacturing company in Guiguinto, Bulacan is also known as "Kaibigan sa Kalusugan."

"Bauertek is one of the most advanced if not the most advanced (pharmaceutical, manufacturer) companies in the Philippines," according to Gomez. He also can be credited for manufacturing one of the known medicines for Covid-19—the Ivermectin as approved by the Food and Drug Administration (FDA).

Gomez was one of the guest speakers at the Publishers Association of the Philippines Inc. (PAPI) 2023 Midyear Executive Session held at the Makati Sports Club last Saturday, June 24. He mentioned that several House bills are now pending in Congress but lawmakers are yet to act on them.

Bauertek is way above Philippine standards as manufacturer of medical products, supplements and cosmetics. It now has cannabis plantations in various parts of the Philippines and also has facilities to dry the medical cannabis buds, the part used for extracting oil, manufacturing capsule or pills.

Gomez said that countries like Germany, France, Switzerland import cannabis for their medical needs since they do not have the capability to farm the plants on a large scale. "We can produce these and export to them, tax-free," he lamented.

Earlier,Dr. Germ Mutia, founder of Philippine Society of Cannabinoid Medicine, cited the role of medical cannabis in the treatment of various ailments, including epilepsy, Parkinson's disease, depression and those suffering from body pains due to cancer.

He further said that there are currently eight or nine cannabis-related bills pending in Congress, seeking to decriminalize its use. This is aside from a petition reportedly filed by patients or parents of patients to the Dangerous Drugs Board (DDB) to reclassify cannabis and cannabis resin just like the reclassification of the UN.



In photo, Dr. Richard Nixon Gomez with Sir Nelson Santos, Publlishers Association of the Philippines, Inc. (PAPI) national president.

Gomez disclosed that one reason why lawmakers are supposedly reluctant in pushing for the approval of bills to legalize the use of marijuana is the "lack" of popularity of these pending laws. "Baka kasi ma-bash sila (lawmakers) at hindisilamanalo sa susunod," the scientist said in jest.

He appealed to media guests in the occasion to help him lobby to Congress to decriminalize the use of medical cannabis.

The public can listen to Dr. Gomez's radio programs on Radio Veritas 846 KHz on AM Radio, www.veritas846.ph Monday – Friday 2:00pm - 3:00 pm; DWWW 774 on AM Radio, www.774dwww.ph Monday – Friday 6:00 pm –7:00 pm ; DZWT 540 KHz on AM Radio, www.dzwt540.com, Monday – Thursday 7pm – 8pm; J101.5 FM Big Radio www.J101FM.wix.com/BIG RADIO, Saturday, 8:00 am– 9:00 am; DWZR 101.7 FMRadio, www.facebook .com/Birahee.

# My fave action... *mula sa p.3*

Walang mabuting idudulot ang "marites" na aalisin si Senate President MIgz Zubiri sa pwesto niya, kasi maganda ang pagpapalakad niya sa Senado, kaya sumasaludo ako kay Sen. Bong, kasi ang nais niya ay mapabuti ang ating bansa.

Mahal natin si Bong noon pa mang siya ay bise gobernador ng Cavite noon at nang maging gobernador siya: naaalaala ko ang binuo niya noon na Cavite Multi-Agency Anti-Drug Council (CMAC) na dumurog sa maraming sindikato ng illegal drugs.

Noong panahon na 'yon, bilang aktibong member ng Cavite Press Club, Inc. (CPC) sa pamumuno nina Sir Del Villanueva (+) at Sir Eli 'Kuya Banong Jr.' Taparan, naging katuwang tayo sa maraming activities na naging progressive ang Cavite.

Alam nyo bang super supporter ng media noon si Gov. Bong Revilla na maraming CPC member ay natulungan niya, financial aid, pagpapagamot, at maging sa pabahay, at isa ako sa mga saksi sa maraming magagandang nagawa niya noon sa Kapitolyo.

Nangingiti lang ako noon na tuwing magkikita kami ng anak kong si Bong (ito ang mas gusto niya na itawag sa kanya), ay tinatanong niya, "Ano, Tital Dela, maluwag na ba?" at ang tinutukoy niya ay ang ipinagawa niyang porcelain kong ngipin.

Kasi pag maluwag na raw, ipagpapagawa uli niya ako ng mas matibay na porcelain na na ngipin, aba, teka, Sen. Bong... parang maluwag na ngayon ang ipinangunguya ko sa pagkain, hahahaha. Baka gusto mo nang papalitan ito?

Noon ay may munti akong tindahan at bahay ko na rin sa likod ng Kapitolyo na tuwing Lunes o kung may important activities, duon nagkukumpol-kumpol ang maraming local at national media practitioner.

Aakyat ako sa opisina ni Gov. Bong at lalambingin ko siya, sasabihin ko, may mga bisita akong media sa aking ARZ media office, 'yun lang ang sasabihin ko: presto, hindi uuwing luhaan, busog pa sa tsika ang mga mamamahayag.

Sa loob ng three years niya as Cavite governor (1998-2001), marami talagang natulungan si Bong, at maging ngayong siya ay senador ng bayan.

Naalaala ko rin ang project kong ARZ For Kids Ministry ko sa mga batang hamog at pakalat-kalat sa paligid ng National Press Club Building sa Intramuros, lagi nang may padalang tulong si Sen. Bong na pagkain, damit, medical supplements at may ginawa pa siyang scholar sa mga batang iyon.

That was noong panahong ako ay na-elect na director ng National Press Club, siguro may mga anak at apo na ang mga batang iyon na inalagaan namin ni Bong sa aming ARZ for Kids Ministry, ay, naaalala pa kaya ito ni Sen. Bong?

Ito ang masasayang memories ko kay Agimat Bong, at sa kanyang ama, si former Sen. Ramon Revilla Sr. na hindi ako nagdadalawang salita -- agad-agad, kapwa sila umaaksiyon. Kaya hindi lamang sila tunay na action star sa pelikula, kungdi, sa totoong buhay, sila ay action heroes namin noon sa Cavite.

Sen. Bong, andito muna ako sa Bulacan, nag-iisa sa buhay pero patuloy na lumalaban, at sana, magkausap tayo kahit man lamang sa pahayagang ito, at sa aking email: arzmedia777@yahoo.com

# Kamara gagamitin wikang Filipino sa opisyal na komunikasyon, atbpa

GAGAMITIN na ba ng Kamara de Representantes (House of Representatives) na opisyal na wika ang Filipino sa pagsusulat, transaksiyon at komunikasyon?

Naitanong ito matapos ang dalawang magkasunod araw, Martes at Miyerkoles, Hunyo 27-28 na lektyur, "Seminar sa Korespondensiya Opisyal" na dinaluhan ng mga opisyal ng Secretariat at mga tauhan ng Legislative Operation Department (LOD) at ng mga opisyal ng Komisyon ng Wikang Filipino (KWF).

Idinaos ang seminar bunga ng pagsisikap ng Kamara na ipatupad ang Executive Order 335, s. 1988 na hinihikayat ang mga opisina ng gobyerno na gumawa ng programa at ibayong pagsisikap na gamitin ang wikang Pilipino sa mga opisyal na pagsusulat, mga transaksiyon at mga palibot liham at iba pang talastasan.

Naniniwala si Atty. David Amorin, deputy secretary general ng LOD na makatutulong ang paggamit sa Filipino upang mas maintindihan ng publiko ang galaw at programa ng pamahalaan.

Sabi ni Amorin: "Sana ay magsilbing inspirasyon ito upang patuloy nating palawigin ang pagpapahalaga at pagmamahal sa ating sariling wika."/ **GENE T. TAN**

# Angelo Agcaoili nanumpang bagong Vice Mayor ng San Juan



MAY bagong bise alkalde na ang San Juan City, siya si Angelo Agcaoili.

Nitong Lunes, Hunyo 26, nanumpa sa bagong tungkulin si Agcaoili kay San Juan City Mayor Francis Zamora bunga ng pagkamatay kamakailan ni VM Warren Villa.

Ayon sa batas, ang numero unong konsehal ay manunungkulang bise alkalde kung namayapa o nagbitiw sa tungkulin o nabakante ang posisyon sa kahit anomang dahilan.

Masayang nagpahayag ng suporta ang Konseho ng San Juan City Council kay Agcaoili sa pagtanggap sa bago nitong tungkulin.

Nangako si Agcaoili na tutuparin nang buong katapatan at dedikasyon ang tungkuling magsilbi sa mga mamamayan ng San Juan. / **ADELA R. ZAMORA**

# Cavite holds Provincial Migrant's Day Celebration

IN recognition of the significant contributions and the many sacrifices of Caviteño migrant workers as they strive overseas to provide for their families, the Office of the Provincial Social Welfare and Development Officer (OPSWDO) and the Cavite Overseas Filipino Welfare Council (COFWC) spearheaded the Provincial Migrant's Day Celebration at the Provincial Gymnasium in Trece Martires City on June 17, 2023.

OPSWDO head Ms. Felipa Servañez welcomed the migrants and loved ones in the program and shared a profound reflection on the social impacts of migration vis-à-vis the economic gains.

Ms. Beverly Alvaran and Ms. Marife Bautista, who both represented Board Member Romel Enriquez, also extended their support.

During the program, Ms. Riza Ramirez-Flores, Direct Service Manager of Blas F. Ople Policy Center and Training Institute, introduced their organization and vision for Overseas Filipino Workers and their families.

She discussed the legal processes in applying for overseas work, and shared situations and actions to avoid falling victim of scam recruitment and trafficking.

Ms. Ramirez-Flores also presented the assistance they offer to returning or repatriated Overseas Filipinos who experienced challenges abroad.

Ms. Kathleen Margaret Espinol, shared her success story as an OFW-turned-entrepreneur during the pandemic, giving hope and inspiration to others to strive harder for their goals and aim for the brighter side of life.

In conclusion, Ms. Precyl T. Ramos, Social Welfare Officer IV, emphasized the importance of having a focal person in each community in the province, to look into the issues and concerns of migrants and seek for apt solution.

Participants were treated with pampering services from TESDA while products and other services were offered in various booths of PGC offices, national agencies and non-government organizations.

Raffle of prizes and jamming session from Best of Seven Band also added to the excitement and entertainment of the attendees./**PICAD**



# 4 na bastos na dayuhan, ipatatapon

**TERNATE, Cavite --** Nasa piitan na at nakatakdang ipatapon sa labas ng bansa ang 4 na dayuhang binastos ang pambansang watawat ng Filipinas.

Inaresto ng Cavite police ang apat nitong Lunes, Hunyo 26 na naaktuhang hinahatak ang watawat sa loob ng Marine Base Gregorio Lim (BGL) sa sityo Calumpang, Sapang 1 sa Ternate.

Itinapon sa madamong bahagi ng kampo ang watawat na kinasuhan ng paglabag sa Sec. 34 (I) Paragraph (a) ng RA 8491 (An Act Prescribing The Code of the National Flag).

Kinilala ng umarestong si Sgt. Jovlin R. Rojo ng Philippine Marines ang apat na sina Sharoon Manzoor, 29; Shahid Manzoor, 45, at Shamail Jalal, 36, pawang Pakistan nationals, at Loan Oprescu y Emil, 36, isang Romanian national. /**ED MUTO CUENCA**

## Eat whatever you like because...

* The inventor of the treadmill died at the age of 54.
* The inventor of gymnastics died at age 57.
* The world bodybuilding champion died at age 41.
* The best footballer in the world, Maradona, died at 60

***

And then-
* The KFC inventor died at 94.
* The inventor of Nutella died at 88
* The inventor of Hennessy died at 98

***

How did doctors come to the conclusion that exercise prolongs life, when
* The rabbit is always jumping but it lives for around 2 years, and
* the turtle that doesn't exercise at all, lives over 200 years.

***

**So, rest, chill, eat, drink, and enjoy life**

Daily Dose of Inspiration
Quotes by Catherine

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT AMONG HEIRS OF LATE ALFONSO LLAGAS WITH WAIVER OF RIGHTS

Notice is hereby given that the estate of the late **Alfonso Llagas,** who died last December 14, 2002 at Las Piñas City left a parcel of land under National Housing Authority situated at Blk 56 Lot 31 Brgy Sto. Cristo, Dasmariñas City, Cavite (100) sqm. Extra judicially settled among the legal heirs with waiver of rights executed before the Notary Public Atty. Gabriel B. Octava under Doc. No. 154 Page No. 31 Book No. XIV Series of 2022.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JUNE 12, 19 & 26, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF THE ESTATE

Notice is hereby given that the estate of the late **Eladio Anin** who died on December 04, 1976 and **Pelagia Reyes** who died on January 29, 2000 at Maragondon, Cavite left a parcel of land covered by Tax Declaration No. AA-13-0013-00003 situated in Brgy Garita B., Maragondon, Cavite (12,992) sqm. Extra judicially settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Gabriel B. Octava under Doc No. 160 Page No. 32 Book No. XIV Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JUNE 12, 19 & 26, 2023**

## PAG BABAHAGING LABAS SA HUKUMAN NA MAY GAWAD NG NATATANGING KAPANGYARIHAN

Pinapaalam sa lahat na si **CORNELIO PAKINGAN MANTELE**, na namatay noong Ika-16 ng Mayo 2011 sa lungsod ng Muntinlupa City, ay nakaiwan ng ari-arian ng Ika-Limang (1/5) na bahaging karapayan na sakop ng sumusunod na Trasnfer Certificate Title No. 15897 na nakabase sa Muntinkupa City (73,849) SQM. Transfer Certificate Title No. 15895 na nakabase sa Muntinlupa City (109,452) SQM. Inilabas ang bahaging ito para sa tunay at legal na tagapagmana, enexecute ito sa ibinigay na kapangyarihan kay Atty. patricio L. Boncayao Jr. sa Ilalim ng Doc. No. 84 Page No.14 Book No.160 Series ng 2011

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JUNE 19, 26 & JULY 3, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF THE DECEASED PERSONS BENJAMIN A. DIMARANAN AND CENIZA M. DIMARANAN WITH PORION SALE.

Notice is hereby given that the estate of the late spouses **BENJAMIN A. DIMARANAN,** who died on June 28, 2013 at Mangas I, Alfonso, Cavite and **CENIZA M. DIMARANAN,** who died on July 21, 2002 at Mangas I, Alfonso, Cavite left a parcel of land covered by Tax Declaration No. AA 01-0017-00060 situated at Mangas I, Alfonso, Cavite (5,787) SQM. Extra Judicially Settled among the legal heirs, Executed before Notary Public Atty. Fe. B. AñONUE Vo. Under Doc. No. 153 Page No. 31 Book No. 153 Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JUNE 19, 26 & JULY 3, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE Of MARCELINO A. YUMOL SR.

Notice is hereby given that the estate of the late **Marcelino A Yumol Sr.** who died on September 15, 2003, that the said deceased lefta parcel of land (1/2) share located at Tanza, Cavite covered by Transfer Certificate Title No. T-7767 (56,365) sqm extra judicially settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty Augustus Caesar M. Bañares under Doc No. 488 Page No. 98 Book No. XXII Series of 2019

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JUNE 19, 26 & JULY 3, 2023**

## DEED OF EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT

Notice is hereby given that the estate of the late **Regino Umali,** who died on March 02, 2003 at BrgyKaong, Silang, Cavite left a parcel of land covered by Tax Dec No. 18-0030-00049, 18-0030-02821 Lot No. 10284 Situated in BrgyKaong, Silang, Cavite (58,478) sqm, extra judicially settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty Jasper C. Salesunder Doc No. 619 Book No. 29 Page No. 420 Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JUNE 26, JULY 3 & 10, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT KOF THE LATE CONDRADO DANCEL WITH DEED OF ABSOLUTE SALE

Notice is hereby given that the estate of the late **Condrado Dancel** who died on January 13, 2023 in Quezon City left a parcel of land situated at Lot 25 Blk 11 Citta Italia 2, Mambog 3, Bacoor City, Cavite covered by Transfer Certificate of Title No. T-907546 (88) sqm extra judicially settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Eliseo S. Calma Sr. under Docs No. 18 Page No. 5 Book No. XXVIII Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JUNE 26, JULY 3 & 10, 2023**

## EXRA JUCIAL STTLEMENT OF ESTATE OF SPOUSES PRIMA ROJAS PEREA AND MANUEL PINO PEREA (A.K.A. MANUEL PERLA)

Notice is hereby given that the estate of spouses **PRIMA ROJAS PEREA and MANUEL PINO PEREA (A.K.A. MANUEL PERLA)** who died on November 04, 2004 and January 27, 2022 in Rosario, Cavite left a parcel of land situated in Brgy. Pasong Kawayan, General Trias City, Cavite covered by Transfer Certificate Title No. T- 122963 (20,404) SQM. Extra Judicially Settled among the legal heirs, Executed before Notary Public Atty. Earl Alfred B. Reyes, Under Doc. No. 222 Book No. 46 Page No.IV Series of 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JUNE 19, 26 & JULY 3, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF THE ESTATE OF MARCELINA TORRES MANREZA

Notice is hereby given that the estate of the late **MarcelinaTorres Manreza,** who died on August 20, 2021 at Dasmariñas City, Cavite, left a parcel of land covered by Transfer Certificate Title No. T-155021 (2,179) sqm situated in Brgy. San Agustin, Dasmariñas City, Transfer Certificate Title No. T-268768 (1/7 of 210 square meters portion) with an existing house under Tax Declaration No. 237-0008-017799 (840.50) sqm. Extra judicially settled among legal heirs, executed before Notary Public Atty. Fe B. Añonuevo under Doc No. 439 Page No. 88 Book No. 153 Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JUNE 26, JULY 3 & 10, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF DECENDENT SPOUSES CASTOR ESCOVER BELLO AND ANCHITA AVIÑANTE BELLO

Notice is hereby given that the estate of spouses **Castor Escover Bello and Anchita Aviñante Bello**, who died on 26 September, 2008 at Nasugbu, Batangas and 21 January, 2017 at Alfonso, Cavite, left a parcel of land covered by Transfer Certificate of Title No. CLOA-472 situated in Brgy. Kaytitinga, Alfonso, Cavite (9,036) sqm. Extra judicially settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Gabriel B. Octava under Doc. No. 126 Page No. 26 Book No. XIV Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JUNE 12, 19 & 26, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE

Notice is hereby given that the estate of the late spouses **Maria Romero Vargas and Anselmo Vargas** who died in Tanza, Cavite on October 01, 1945 and September 10, 1945, left a parcel of land situated in the of Tanza, Cavite covered by Transfer Certificate Title No. 12187 (9,349) sqm, divided into 1/4 portion from first (1st) party to forth (4th) party extra judicially settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty Ma. Angela Francesca Y. Cabral, under Doc. No. 445 Book Non 90 Page No. 1 Series of 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JUNE 19, 26 & JULY 3, 2023**

# Chua Cares tuloy-tuloy: maraming salamat WOI!

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

VOLUME 1 NO. 39 10.00 JUNE 26 - JULY 2, 2023



Mayor Dino Reyes Chua



REVANZE

by Domz B. CAOILE

IBANG magmahal si Noveleta Mayor, ninong Dino Reyes Chua, talagang the best father ng bayan -- pag may kalamidad, mabilis ang response sa pagtulong; laging may job fair at continuous ang serbisyo sa mamamayan, PWDS, seniors, at ang iskolar ng bayan, masaya.

Ever ready ang pagbibigay ng medical services at ang kabuhayan ng mamamayan, nakikita ang progreso, kaya ang susuwerte ng taga-Noveleta,

Eto nga, recently, isang masuerteng sanggol sa e Noveleta Maternity and Lying-in Center ang tumanggap ng aguinaldo mula kay ninong Mayor Dino Reyes Chua, kasi ang baby ay naitala na ika-100 na isinilang sa maternity center.

Kaya ganun na lang ang gulat at katuwaan ng parents ng sanggol, na sabi ni Mayor Dino, isa itong magandang pangyayari, sabi niya sa kanyang Facebook page:

"Nakakatuwang isipin na isang daang bata na pala ang napanganak at nakinabang sa ating 'LIBRE PAANAKAN' Program dito sa ating bayan dahil sa hirap ng buhay ngayon, malaking bagay po itong libreng serbisyo na ito para sa mahihirap!"

Pinasalamatan ng makisig na alkalde si Dr. Maria Hilda Calibuso Bucu at lahat ng nars, midwives at mga kawani ng center dahil sa magandang serbisyo nila sa bayan.

Ang paanakang ito, ay bahagi ng programang Chua Cares sa Bayan ng mga Bayani! ni ninong Mayor Dino.

Kaya pala tuloy-tuloy, wala nang pigil pa ang pag-unlad ng Noveleta.

@@@

ISA sa napapansin kong samahan ay itong Women of Imus (WOI) na maraming magagandang proyektong ginagawa na malaki ang naitutulong sa ating kababayang Imuseno at kapuri-puri ang laging-handang suporta at tulong ng ating alkalde, Mayor AA Advincula at ni 3rd Dist. Congressman AJ Advincula.

Lately, natapos lang ang graduation ng WOI scholars na kumuha ng kursong Bread and Pastry Production at Shielded Metal Arc Welding na nangyari sa pagtutulungan ng ating Imus City government at ng TESDA.

Malaki tiyak ang maitutulong ng natutuhang bagong skills sa mga graduates na ito, lalo kung gagamitin sa employment o pagsisimula ng isang negosyo.

Sa tulong ni Rep. AJ, nabigyan ng pag-asa ang scholar ng WOI ng magandang oportunidad sa trabaho at negosyo, at teka, hindi lang ito ang initiative ng samahang ito ng mga babaeng Imusena.

Busy ang samahang ito sa medical Mission and feeding program na ginanap kamakailan sa aming ligar sa Barcelona 1 sa tulong ng aming homeowners association (HOA) president Gena DeJesus Argel Nierva, at siyempre ni WOI president Janice Guadamor, vice Cindy Eusebio and BOD Jmac JaneeVic and Sec Emma L. Seredynski.

Talagang kahanga-hanga ang lahat ng ksapi ng WOI na nag-volunteer na tumulong sa napagandang proyektong ito na nagbigay ng libreng medical services sa aming lugar, at sa inyo, maraming-maraming salamat po.

**(domzcaoile@yahoo.com)**



*Magagaling na opisyal at miyembro ng Women of Imus (WOI) sa pangunguna ni President Janice Guadamor, ikalawa, mula sa kanan.*



*Nagbibigyan ng inspirational message si Cavite 3rd District Rep. AJ Advincula sa TESDA graduates na kumuha ng kursong pastry, breadmaking at iba pa.*





# Let's cozy up at Kubo Amadeo




SAAN itong Kubo Amadeo na balitang masarap mag-relax kasama ang pamilya at mga kaibigan?

Kid-friendly ang bakasyunang ito, with warm pool, mabango at preskong guest rooms at may mga pagkain at inuming lapat na lapat sa inyong pihikang panlasa.

The place is new but Kubo Amadeo is one of the most talked-about "home away from home" in Cavite and a top choice for families of all ages looking for a mix of relaxation: it is a place where parents and kids can spend the day relaxing in pool and enjoy the fresh cool breeze any time of the day.

The rooms in Kubo Amadeo are thoughtfully designed for families; any time of the day and night, the cool fresh air and a choice of relaxing food and drinks will make your tummy happy.

Yes, Kubo Amadeo is a perfect getaway these summer months: Explore and cozy up with nature in a 2,300 sqm property with pool-villas for rent at 048 Crisanto delos Reyes Avenue, Amadeo, Cavite.

It has a free parking space and only 5 to 10 minutes away from Tagaytay City.

Sa Kubo Amadeo, makapagre-relax nang todo-todo!

Explore, mag-book na, at i-dial contact number: +63 917 501 7575./DBCaoile